*Republic of the Philippines*
Department of Education
Region V (Bicol)
DIVISION OF CATANDUANES
Virac, Catanduanes

July 17, 2014

MEMORANDUM PANSANGAY
Blg. 44 s. 2014

RELEASED
DepEd-Division of Catanduanes
RECORDS SECTION
Date JUL 17 2014
Time 2:45 P.M.
By

BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2014

Sa mga : Tagamasid Pampurok
Punong Guro/Namumunong Guro
ng Paaralang Elementarya at Sekondarya
Pinuno ng mga Pampubliko at Pribadong Paaralan

1. Ang Komisyon ng Wikang Filipino (KWF) ay mangunguna sa pagdiriwang ng taunang Buwan ng Wikang Pambansa tuwing Agosto 1-31 alinsunod sa itinakdang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041 s. 1997. Ang Tema ng pagdiriwang sa taong ito ay "Wika ng Pagkakaisa".

2. Ang Layunin ng pagdiriwang ay ang mga sumusunod:
   a. ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041;
   b. magamit ang wika sa pamamagitan ng pasasalin bilang instrumento sa wika ng kapayapaan;
   c. Maipakita ang kahalagahan ng Wika na higit na nauunawaan ng nakararami para sa pambansang pagkakaisa.

3. Ang lingguhang paksa sa loob ng isang buwang pagdiriwang ay ang mga sumusunod:
   - Ang Wika ng Usaping Pangkapayapaan ay Wika ng Pagkakasundo;
   - Ang Wikang Nauunawaan ng Nakararami ay Wika ng Kapayapaan;
   - Ang Wika ng Pagsasalin ay Wika ng Pagkakaunawaan; at
   - Ang Wika ng Kapayapaan ay Wika ng Pambansang Pagkakaisa.

4. Ang mga nabanggit na lingguhang paksa ang magiging gabay at batayan ng lahat ng gawaing bubuuin at isasagawa sa loob ng isang buwang pagdiriwang. Hindi ito nakaayos ayon sa pagkakasunod-sunod upang magkaroon ng kalayaan ang lahat sa pagplano ng palatuntunan.

5. Mangyaring bigyan ng gawad parangal/sertipiko ng pagkilala ang mga mananalo sa pagdaraos ng pampinid na palatuntunan kaugnay ng pagdiriwang.

6. Isusumite ang ulat ng nagawang pagdiriwang sa loob ng isang buwan sa Pansangay na Tagamasid sa Filipino sa Setyembre 12, 2014.

7. Ang nasabing ulat ay nararapat na isumite ng bawat paaralan sa pamamahala ng Tagamasid Pampurok sa Elementary at Punong- Guro sa Sekondarya.

8. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

JOSE L. DONCILLO , CESO VI
Tagapamanihala

Sanggunian:
Memorandum Pangkagawaran Blg. 63 s. 2014

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
Sa ilalim ng sumusunod na paksa:

CELEBRATIONS AND FESTIVALS
CURRICULUM
Learning Area, Filipino